# Pagtukoy ng Panloloko sa Senso

## PISIKAL NA LIHAM

**HINDI KAILANMAN** hihilingin sa iyo ng Kawanihan ng Senso ang buo mong Numero ng Social Security, pera, o anuman sa ngalan ng pulitikal na partido.

Ang 2020 Senso, ang Survey ng Amerikanong Komunidad (American Community Survey), at karamihan sa iba pang mga survey ng Kawanihan ng Senso ay maglilista ng pabalik na address bilang Jeffersonville, Indiana.

Kung nakatanggap ka ng dokumentong mukhang opisyal sa koreo, ngunit hinihingi ang alinman sa nasa itaas o may kahina-hinalang pabalik na address **ITAPON ITO**!

## SA PERSONAL O SA TELEPONO

Ang mga empleyado ng Kawanihan ng Senso ay **HINDI KAILANMAN**:

- Hihiling na pumunta sa iyong tirahan;
- Itatanong ang buo mong mga account number sa bangko o sa credit card;
- Itatanong ang apelyido ng iyong ina bago siya nag-asawa o
- Mananakot na aarestuhin ka kung hindi ka susunod.

Kung may isang taong nagsasabing siya ay ahente ng Kawanihan ng Senso ay humihiling ng iyong impormasyon, hilinging ipakita ang kanilang badge. Dapat itong magkaroon ng kanilang litrato, pangalan, tatak ng Kawanihan ng Kalakal, at petsa ng expiration.

Kung tumanggi silang ibigay sa iyo ang kanilang impormasyon, **IBABA ANG TELEPONO** o **ISARA ANG PINTO**!

## ONLINE

Ang mga lehitimong email at link ng Kawanihan ng Senso ay **LAGING** mayroong "census.gov" na domain at magiging encrypted. Ang Kawanihan ng Senso ay **HINDI KAILANMAN** paunang makikipag-ugnay sa pamamagitan ng email.

Kung nakatanggap ka ng email na nagsasabing ito ay galing sa Kawanihan ng Senso, ngunit ang email address ay nagtatapos sa ".com" at may kasamang mga kahina-hinalang link, **HUWAG SUMAGOT O BUKSAN ANG ANUMANG LINK**! I-delete ito o i-forward sa ois.fraud.reporting@census.gov

**LAGING** Hanapin ang "https://" o simbolong kandado sa browser window.

https://census.gov

## Kailangan ng tulong sa pagberipika?

Tumawag sa Panrehiyong Opisina ng Senso sa Los Angeles sa 1-800-922-3530 upang maberipika kung ang:
(1) Tumatawag/taong nasa iyong pinto ay empleyado ng Kawanihan ng Senso; o
(2) Ang email link ng survey o liham ay lehitimo bago sumagot.

Opisina ng Pangkalahatang Abogado ng Estado ng Washington
Dibisyon sa Pagprotekta sa Mamimili
www.atg.wa.gov/consumer-issues
TA Tagalog (Filipino)

May katanungan o pagdududa?
Tumawag sa amin sa 1-800-551-4636